Philippine Biblical Worldview Institute

Certificate in Christian Ministries

1001 Christian Parenting

Conrad Jun Tolosa

Revised April 4, 2022

Introduction

Makinig kayo, O Israel, ang sigaw ni Moses: *Ang ating Panginoong Diyos, ang Diyos ay isa. Mahalin ninyo ang inyong Panginoong Diyos nang buong puso at ng buong kaluluwa at ng buong lakas. At itong mga salita ko na pinag-uutos ko sa inyo ngayong araw ay isapuso ninyo. Ituturo ninyo ang mga ito sa inyong mga anak, at pag-uusapan ang mga ito habang kayo ay nakaupo, habang kayo ay naglalakad, habang kayo ay nahihimlay, at sa inyong pagbangon*. Ang paalalang ito ni Moses sa mga ama ng bawat tahanan sa bansang Israel ay nangyari bago sila pumasok sa Promised Land

Ang responsibilidad ng magulang na ituro ang pagmamahal sa Diyos sa kanilang mga anak ay hindi mabibigyan ng sapat na diin. Ang pasunurin ang mga anak ayon sa kalooban ng Diyos ay ang primerang tungkulin ng ama at ina. Kaya naman sila ay binigyan ng sapat na awtoridad upang pamahalaan ang kanilang pamilya.

Subalit, alam natin na hindi maituturo ang isang bagay na hindi lubusang nauunawaan at tunay na pinaniniwalaan. Kapag ang pagmamahal sa Diyos ay nasa sa puso ng mga nananahan sa mga bahay-bahay sa isang comunidad, ito ay lilitaw sa kanilang cultura. Sa kasawiang-palad, ang culturang Pilipino ay hindi nagpapatunay na ang pagmamahal sa Diyos ay itinuturo ng mga ama ng tahanan. Lahat ng tao ay nagsisimulang mamuhay na mayroon pananaw sa buhay at mundo na hinubog ng culturang kanilang kinalakhan.

Habang tayo ay lumalaki, may mga ibang boses, maliban sa nagmumula sa ating mga magulang, ang ating naririnig na nagsasabing ito ang katotohanan paniwalaan ninyo ito. Boses ng ating mga teachers. Boses ng ating relihiyon. Boses ng mga nakakatanda sa ating kapamilya at kasamahan. At sa panahong ito tayo nagsisimula na mag-isip-isip kung sino ang ating paniniwalaan kapag hindi nagkakatugma ang ating mga naririnig.

1. ***Ang unang hakbang na dapat gawin ng magulang hinggil sa pagpapalaki ng anak ay ito: Alamin ang paghuhugutan ng katotohanan sa paghubog ng tamang pananaw sa buhay at mundo.***

Ang tinuturo ng Bibliya at ang tinuturo ni Cristo ay walang pagkakasalungat at pinatutunayan nila ang isa't isa. Taglay ng Bibliya ang mga katuruan ni Cristo na nagpapatunay na ang Bibliya ay katotohanan. Kung ganoon, ang Bibliya ang dapat paghugutan ng katotohanan patungkol sa tamang pagpapalaki ng anak.

2. ***Ang ikalawang hakbang na dapat gawin ng magulang hinggil sa pagpapalaki ng anak ay ito:***

Unawain at ituro sa anak ang tamang pagsamba sa Diyos.

Sinabi ni Cristo na ang tunay na pagsamba sa Diyos ay pagsamba sa espiritu at katotohanan. Sinabi Niya

na may mga sistema ng pagsamba na labag sa kalooban ng Diyos (John 4:23-24)

Tinuturo ng Bibliya na ang tao ay nakatingin sa panlabas ngunit ang Diyos ay nakatingin sa puso ng tao (1 Samuel 16:7). Ang greatest commandment ay ang mahalin ang Diyos ng buong puso. Kung ano man ang ating ginagawa, alam ng Diyos ang ating motibo. Ituro sa anak na ang pagsamba sa espiritu ay pagsamba na galing sa pusong nagmamahal sa Diyos. Hindi ito ginagawa dahil ito ay obligasyon o para maging matuwid sa mata ng Diyos.

Ang pagsamba naman sa katotohanan ay pagsambang naayon sa katuruan ng Bibliya – ang pagbibigay papuri sa mga katangian ng Diyos at sa kanyang mga kamangha-manghang nilikha, kalakip ang taos pusong pasasalamat sa mga kabutihan na ating tinatamo mula sa mapagpala Niyang kamay at sa kapatawaran ng ating mga kasalanan.

3. Ang ikatlong hakbang na dapat gawin ng magulang hinggil sa pagpapalaki ng anak ay ito: Unawain at ituro sa anak ang tamang paglilingkod sa Diyos.

Ang layunin ng buhay ng tao ay ang sumamba at maglingkod sa Diyos. Sa two-fold purpose na ito matatagpuan ang kahulugan, ang katiwasayan at kaligayahan sa buhay ng tao. Pagdating sa paglilingkod, may three-fold mandate naman ang iginawad ng Panginoon sa tao: a) magparami at punuin ang mundo, b) lupigin at gawing productibo ang lupa, at c) pamahalaan ang mga nilalang sa himpapawid, sa tubig at sa lupa.

Subalit, dahil sa pagkahulog sa kasalanan ng tao, ang pagsasakatuparan ng mandatong ito ay hindi naging kalugod-lugod sa harapan ng Banal na Diyos. Napuno nga ang daigdig subalit ang mga taong sumasakop sa mga lupain ng mundo ay hindi kalarawan ng Maylikha. Nag-aani nang masagana ang pagtatanim subalit hindi pa rin sapat upang wala nang tao ang ginugutom pa. At ang mga ibon, isda at mga hayop ay naglalabanan upang huwag ding dumanas ng pagkagutom.

Kaugnay sa bahaging ito ang pagtulong sa anak sa pagtuklas ng kanyang mga God-given talents and abilities na siyang magagamit ng bata bilang puhunan sa kanyang paghahanda para sa pagsasakatuparan ng plano ng Diyos para sa kanyang buhay.

Ang buhay ng anak ay magiging kasiya-siya o magiging puno ng pagsubok; ito ay nakadepende sa gagawing pagpapalaki sa kanya ng kanyang mga magulang.

Ang Christian parenting ay nagsisimula sa pagsilang pa lamang ng sanggol. Kinakailangan na kayang harapin ng ama at ina ang katotohanan patungkol sa kalikasan ng kanilang baby.

I. Multiple Choice

1. Bago sila pumasok sa Promised Land, ipinaalala ni Moses sa mga ama ng tahanan na:
   a. Ituro ang salita ng Diyos sa kanilang mga anak paminsan-minsan
   b. Ituro ang salita ng Diyos sa kanilang mga anak tuwing Sunday school
   c. Ituro ang salita ng Diyos lagi-lagi ano man ang kanilang ginagawa

2. Responsibilidad ng magulang na turuan ang anak tungkol sa
   a. Pagmamahal sa Diyos
   b. Pagmamahal sa kapwa
   c. Pagmamahal sa lahat ng bagay

3. Ang primary tungkulin ng ama at ina ng tahanan ay ang
   a. Turuan sila kung paano mag-survive sa mundong ito
   b. Turuan silang sumunod kapag sila ay inuutusan
   c. Turuan silang sumunod ayon sa kalooban ng Diyos
   d. Lahat ng nasa itaas

4. Malaki ang impluwensya ng ating cultura sa paghubog ng ating pananaw sa buhay at mundo.
   a. True
   b. False

5. Maraming boses ang naririnig ng ating mga anak maliban sa boses natin at dahil dito madali nilang malaman kung kaninong boses ang dapat nilang pakinggan.
   a. True
   b. False

6. Maitututuro lamang ang isang bagay sa anak kung ito ay lubos na nauunawaan at tunay na pinaniniwalaan.
   a. True
   b. False

7. Para sa mga Cristiano, ang Bibliya lamang at ang katuruan ng simbahan ang final authority o source of truth ng pamumuhay.
   a. True
   b. False

8. Ang _____ lamang ang dapat paghugutan ng katotohanan.
   a. Turo sa simbahan
   b. Turo ng mga Bible preachers
   c. Turo sa Bibliya

9. Si _____ lamang ang ang makakapagpatunay na ang Bibliya ay ang salita ng Diyos.
   a. Banal na Espiritu
   b. Jesu Cristo
   c. Mga propeta

10. Sinasabi sa John 4:23-24 na hinahanap ng Diyos ang mga tunay na sumasamba
    a. At ito ay ang pagsamba sa pamamagitan ng makalangit na mga awitin
    b. At ito ay ang pagsamba sa Espiritu at katotohanan
    c. At ito ay ang pagsamaba na nakataas ang mga kamay

11. Ang tao ay nakatingin sa panlabas ngunit ang Diyos ay nakatingin sa _____ ng tao.
    a. Ugali
    b. Isip
    c. Puso

12. Ang mga sumusunod ay dapat na ituro sa anak maliban sa:
    a. Pagsamba sa Espiritu at katotohanan
    b. Pagsamba dahil ito ay isang responsibilidad
    c. Pagsambang naaayon sa katuruan ng Bibliya

13. Ano ang ibig sabihin ng Panginoon na ang tamang pagsamba sa Diyos ay sa espiritu?
    a. Pagsamba na galing sa pusong nagmamahal sa Diyos
    b. Pagsamba upang maging matuwid sa harap ng Diyos
    c. Lahat ng nasa itaas

14. Ano ang ibig sabihin ng pagsamba sa katotohanan?
    a. Pagsambang naaayon sa katuruan ng Bibliya
    b. Pagbibigay puri sa mga katangian at kamangha-manghang gawa ng Diyos
    c. Lahat ng nasa itaas

15. Ang layunin ng buhay ng tao ay
    a. Maging masaya at abutin ang kanyang mga pangarap
    b. Maging masunurin at gumawa ng mabuti
    c. Sumamba at maglingkod sa Diyos

16. Dahil sa kasalanan, ang pagsasakatuparan ng mandato na ibinigay sa tao ay
    a. Naging Kalugod-lugod sa harapan ng Diyos na Banal
    b. Nagbigay kasiyahan sa Diyos
    c. Hindi naging kalugod-lugod sa Diyos.

17. Ang tamang paglilingkod sa Diyos ay may kinalaman sa
    a. Pagsasaayos at pagpapaganda ng ating kapaligiran
    b. Pagpapatupad ng Great Commission ng Panginoong Jesus
    c. Pagpro-promote ng climate change awareness

18. Ang Great Commission ay may kinalaman sa
    a. Pagtuturo sa mga anak ng gawaing bahay
    b. Pagtulong sa mga anak na madiskubre ang kanilang God-given talents and abilities

c. Paghahanda sa mga anak sa kanilang kinabukasan

19. Ang original mandate ng Diyos ay naisasakatuparan ngayon sa pamamagitan ng
    a. Pagpapalaganap ng mabuting balita ng kaligtasan kay Cristo
    b. Paggawa ng mga disipulo ni Cristo
    c. Lahat ng nasa itaas

20. Ang pagtulong sa anak upang matuklasan ang kanyang God-given talents and abilities ay walang kinalaman sa Great Commission.
    a. True
    b. False

21. Kung matuklasan ng anak ang kanyang giftedness, naihahanda ang anak sa
    a. Kanyang future upang yamaman siya.
    b. Pagsasakatuparan ng plano ng Diyos sa kanyang buhay.
    c. Lahat ng nasa itaas

22. Kung ang ating gawain ay walang kinalaman sa pagsusulong ng Great Commission, hindi tayo naglilingkod sa Diyos.
    a. True
    b. False

II. Essay

Ano ang sinasabi ng Genesis 2:23-24 patungkol sa unang pag-aasawa na itinatag ng Diyos sa Garden of Eden? Paano ito naging relevant sa mag-aasawa sa ating panahon?

© Revised: September 14, 2021 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.